

Ilang mga paghihigpit at regulasyon sa apoy ay ipinapatupad sa Victoria tungkol sa mga campfire at barbekyuhan, pagsisiga, komersyal at iba pang mga aktibidad.

Pagsisiga

Ang mga paghihigpit ay tumutukoy sa pagsisiga sa pribadong lupa sa Victoria. Ang mga paghihigpit na ito ay mahalaga upang mabawasan ang pagkakaroon ng bushfire na maaaring maging sanhi ng pagkawala ng buhay at ari-arian at aktibong ipinapatupad ang mga ito.

Dapat mong subaybayan ang lahat ng mapapakinabangang media upang malaman ang mga araw ng Pagbabawal ng Lahat ng Pagsusunog (Total Fire Ban) at mga Pana-panahong Paghihigpit (Seasonal Prohibited Periods) at gumawa ng karampatang aksyon.

Ang pahinang ito ay gabay lamang. Matatagpuan ang karagdagang detalye ng mga kinakailangan sa mga kaugnay na batas o regulasyon.

Para sa tulong o karagdagang impormasyon, mangyaring [makipag-ugnayan sa amin](#).

Paalala: ang pagsisiga sa kagubatan ng Estado, pambansang parke at protektadong pampublikong lupain ay ating pananagutan.

Sa mga araw na Total Fire Ban

Sa mga araw ng Total Fire Ban, ang pagsisiga ay ipinagbabawal, kaya't hindi pinapayagan kahit saan. Anumang Pahintulot na Magsunog (Authority to Burn) ay awtomatikong masususpindi - ito ay tinukoy sa mga kondisyon ng Authority to Burn.

Pana-panahon – kailangan ng permiso

Sa panahon ng Seasonal Prohibited Period, ang mga paghihigpit sa apoy sa ilalim ng Mga Regulasyon sa Kagubatan (Proteksyon sa Apoy) 2014 ay ipatutupad.

Nauukol ang mga ito sa pribadong lupain sa loob ng 1.5 kilometro ng pampublikong lupa (tingnan ang kahulugan sa mga paghihigpit ng apoy at regulasyon) sa sumusunod na mga munisipalidad:

- Gippsland – Baw Baw Shire, East Gippsland Shire, Latrobe City, Wellington Shire
- North East Victoria – Alpine Shire, Benalla Rural City, Indigo Shire, Mansfield Shire, Mitchell Shire, Murrindindi Shire, Strathbogie Shire, Towong Shire, Wangaratta Rural City, Wodonga City
- Alpine Resorts – Falls Creek, Mt Buller, Mt Hotham.

Maaaring mayroon ding mga itinakdang paghihigpit ang CFA at mga konseho ng munisipyo sa iba pang mga lugar.

Kung magsisiga sa pribadong lupa kapag at kung saan ipinapatupad ang Seasonal Prohibited Period, kakailanganin mong mag-aplay ng pahintulot (permiso) upang magsiga.

Tingnan ang tanggapan ng DELWP sa inyong lugar para sa karagdagang impormasyon.

Tutukuyin ng awtoridad sa pagsunog ang ilang mga kondisyon na dapat mong sundin, gaya ng:

- lapad ng mga lugar na walang magagatungan (fuel breaks)
- mga oras at araw ng pagsisindi at pagpatay ng apoy
- pangangasiwa
- pag-uulat.

Anumang awtoridad sa pagsunog ay awtomatikong masususpindi sa:

- araw ng Total Fire Ban at
- ilan pang mga araw.

Sa labas ng Seasonal Prohibited Period

Sa labas ang Seasonal Prohibited Period, hindi kami nagpapataw ng mga kondisyon sa pagsisiga sa pribadong lupain. Gayunman, ikaw ay may pananagutan pa rin sa kaligtasan at kapinsalaaan ng iyong apoy, at anumang mga pinsala o bunga na dulot ng apoy o pagtakas sa apoy.

Ang CFA at mga konseho ng munisipyo ay mayroon ding mga itinakdang mga paghihigpit.



Kung kailangan mo ng tulong, kontakin lamang ang Serbisyo ng Pagsasaling-wika at Pag-iinterpretar (TIS - Translating and Interpreting Service) para sa tulong sa pagsasaling-wika at pag-iinterpretar.

Kontakin ang TIS National sa 131 450 (sa Australya) o bisitahin ang

www.tisnational.gov.au